

Ang iyong daanan ng hangin at paghinga habang naka-anesthesia


Ipapaliwanag ng leaflet na ito kung bakit at paanong inaalagaan ng anestesista ang iyong daanan ng hangin at paghinga habang naka-anestesia.

Mga Nilalaman

- Ano ang daanan ng hangin.
- Bakit mahalagang asikasuhin ang iyong daanan ng hangin tuwing operasyon.
- Paano sinusuri ang iyong daanan ng hangin bago ang operasyon.
- Paano inaasikaso ang iyong daanan ng hangin tuwing operasyon.
- Mga panganib at pinagsamang paggawa ng desisyon.

Ang iyong daanan ng hangin at paghinga

Habang humihinga ka, pumapasok ang hangin sa iyong ilong at bibig at dumadaloy ito pababa sa iyong lalamunan at larynx (voice box) papunta sa trakeya (wind pipe) upang makarating ito sa iyong mga baga. Ang kumbinasyon ng mga istrukturang ito ay karaniwang tinutukoy bilang 'daanan ng hangin'. Kinukuha ng iyong katawan ang oksiheno na kailangan nito mula sa hangin na ito.




Ang pagkuha ng oksiheno papunta sa iyong mga бага tuwing anesthesia (pag-aasikaso sa iyong daanan ng hangin)

Ang pagtiyak na patuloy na dumadaloy ang oksiheno sa iyong daanan ng hangin at sa iyong mga бага ay isang mahalagang bahagi ng isang pangkalahatang pampamanhid. Ang mga anestesista ay sinanay upang masuri ang iyong daanan ng hangin at maasikaso ang iyong paghinga tuwing naka-anestesy. Responsibilidad rin nila ang pag-aalaga sa iyo habang may pampamanhid, at tiyakin na ligtas ka sa lahat ng oras at gumising nang komportable.

Sa panahon ng pangkalahatang pampamanhid, ang mga kalamnan sa iyong katawan ay nagpapahinga, kabilang ang mga nasa paligid ng iyong lalamunan at dibdib. Maaaring humantong ito sa pagbara ng iyong daanan ng hangin o paghihigpit ng iyong paghinga. Upang matiyak ang patuloy na pagdaloy ng oxygen sa iyong mga бага, maaaring maglagay ang anestesista ng tubo sa iyong traqueya upang mapanatiling bukas ang iyong daanan ng hangin - ito ay tinatawag na tracheal na intubasyon.


Bukas na daanan ng hangin

May malinaw na daanan para makapasok ang oksiheno, at makalabas ang carbon dioxide mula, sa mga бага.



Pagbara na daanan ng hangin

Pinipigilan ng pagbara ang madaling pagdaloy ng oxygen papunta, at carbon dioxide palabas, sa mga бага.



Karaniwan na isinasagawa ang pagpasok ng tubo pagkatapos ibigay ang pampamanhid at kapag ikaw ay natutulog na, upang wala kang kamalay-malay sa pamamaraang ito.

Mayroong ilang mga pagkakataon kung kailan mas ligtas na magkaroon ng 'awake tracheal intubation', kung saan inilalagay ang tubo sa iyong trakeya bago ibigay ang mga gamot na pampamanhid. Maaari mong malaman ang higit pang impormasyon tungkol sa **awake tracheal intubation** sa: <https://bit.ly/DAS-AwakeIntubation>

Tatalakayin sa iyo ng anestesista ang paraan na sa tingin nila ay pinakaligtas para sa iyo. Sa karamihan ng mga kaso ang intubasyon ay ginagawa habang ang pasyente ay natutulog.

Para sa higit pang impormasyon sa pampamanhid sa pangkalahatan at iba't ibang uri ng mga gamot na pampamanhid, maaari mong basahin ang aming leaflet: **You and your anaesthetic**. Maaaring tingnan ang aming website para sa isang kopya ng leaflet na available sa iba't ibang wika dito:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages

Paano sinusuri ang iyong daanan ng hangin bago ang operasyon

Kailangang masuri ka ng mga anestesista at ang iyong daanan ng hangin para maplano nila ang pinakaligtas na paraan sa pag-asikaso ng iyong pampamanhid. Tatanungin ka nila ng ilang pangkalahatang mga katanungan tungkol sa anumang nauugnay na mga kondisyong medikal at nakaraang mga anesthetic na maaaring mayroon ka. Susuriin nila kung mayroon kang anumang mga kondisyon na maaaring pumigil sa iyo na malayang maigalaw ng iyong leeg. Susuriin din nila kung mayroon kang anumang mga isyu sa ganap na pagbukas ng iyong bibig, anumang mga problema sa acid reflux o anumang makabuluhan na ginawa sa ngipin. Kung mayroon kang paglaki o pamamaga sa iyong daanan ng hangin o leeg, titingnan ng anestesista ang anumang nauugnay na mga ultrasound o CT (computed tomography) scan bilang bahagi ng kanilang pagsusuri.

Sasabihin sa iyo ng anestesista na magsagawa ng ilang simpleng pagsusuri upang makita:

- kung maaari mong mabuksan nang maluwang ang iyong bibig at kung madali nilang makita ang likod ng iyong lalamunan
- kung paano gumagalaw ang iyong panga sa pamamagitan ng pagsabi sa iyo na igalaw ang iyong pang-ilalim na panga o kagatin ang iyong pang-itaas na labi
- kung maaari mong igalaw ang iyong leeg sa pamamagitan ng iba't ibang mga paggalaw at simpleng ehersisyo.

Paminsan-minsan, maaaring kailanganin nilang tingnan ang iyong ilong gamit ang isang maliit na flexible camera - ito ay isang hindi masakit na pamamaraan.

Kung ikaw ay naipalam na dati tungkol sa anumang kahirapan sa pamamahala ng iyong daanan ng hangin at paghinga, mahalaga na ipaalam mo ito sa anestesista. Maaaring kailanganin ng doktor ng anesthesia na tingnan ang anumang mga tala mula sa iyong mga nakaraang mga anestesiya kung ito ay magagamit.

Bago simulan ang pangkalahatang anestesya, ikaw ay sasabihan na huminga ng oksiheno mula sa isang plastik na facemask o sa pamamagitan ng malambot na plastik na mga tubo na inilagay sa pasukan ng iyong ilong. Ito ay nagpapataas ng dami ng oksiheno sa iyong mga бага.

Paano kung may mga kahirapan sa pamamahala ng aking daanan ng hangin?

Kung ang iyong daanan ng hangin ay mangangailangan ng tiyak na pamamahala para sa mga susunod na anestesya, maaaring, (sa iyong pahintulot), ilagay ng doktor ng anesthesia ang iyong mga detalye sa Talaan ng Mga Mahirap na Daanan ng Hangin (Difficult Airway Database).

Mag-aayos sila ng isang Difficult Airway Alert Card para sa iyo, na dapat mong dalhin sa iyong mga susunod na appointment sa ospital. Mahalaga ring ipakita ang kard na ito sa iyong GP upang makapag-check sila ng impormasyon sa iyong mga talaan.

Ang mga detalye tungkol sa Difficult Airway Alert Card ay makikita sa website ng DAS: www.das.uk.com/aac/patient_information

Panganib at pinagsamang paggawa ng desisyon

Ligtas ang mga modernong anesthetic. May mga karaniwang side effects mula sa anestesya o kagamitan na ginamit, kasama ang mga kagamitan na ginamit upang pamahalaan ang iyong daanan ng hangin. Karaniwan ang mga ito ay hindi seryoso o hindi nagtatagal.

Mangyaring bisitahin ang aming website para sa mga detalye tungkol sa mga maliliit na panganib na kaugnay sa anestesya, na magagamit sa iba't ibang wika dito:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages

Mayroong mga mas seryosong panganib na nauugnay sa pamamahala ng daanan ng hangin ng isang pasyente, kahit na ito ay hindi karaniwan, bihira, o napakabihira. Ang isang malaking pag-aaral tungkol sa mga komplikasyon ng pamamahala ng daanan ng hangin ay nadiskubre na isang pangunahing komplikasyon sa daanan ng hangin ang nangyayari sa bawat 22,000 na pangkalahatang anestesya. Ito ay katumbas ng isang tao sa isang maliit na bayan.

Gayunpaman, ang iyong mga partikular na panganib ay nakasalalay sa iyong pisikal na kalagayan at sa uri ng operasyon na iyong isinasagawa. Tatalakayin ng iyong anestesista sa iyo ang mga panganib na pinaniniwalaan nila na mas mahalaga para sa iyo.

Ang mga komplikasyon na nauugnay sa pamamahala ng daanan ng hangin ng isang pasyente ay kinabibilangan ng mga sumusunod.

Nabigo na intubasyon

Minsan ang anestesista ay maaaring mahirapan o maging imposibleng mailagay ang tubo sa iyong trakeya. Ito ay kilala bilang 'nabigo na intubasyon'. Maaaring magpasya ang anestesista na mas ligtas na gisingin ka at ipagpaliban ang iyong operasyon.

Bilang alternatibo, maaari silang magpasya na gumamit ng ibang pamamaraan mula sa hanay ng mga kapamaraan na magagamit para sa pagpasok ng daanan ng hangin. Ang nabigo na intubasyon ay hindi karaniwan, pero, mas karaniwan ito sa mga kababaihang buntis sa mga agarang sitwasyon at sa mga pasyenteng nangangailangan ng agarang operasyon na may pangkalahatang anestesya.

Aspirasyon

Sa mga bihirang pagkakataon maaaring magkaroon ng seryosong mga komplikasyon bilang resulta ng mga problema sa daanan ng hangin ng isang pasyente. Ito ay maaaring dulot ng mga nilalaman ng tiyan na napapasok sa mga baga, at ito ay kilala bilang aspirasyon.

Sa napakabihirang pagkakataon, ang mga seryosong komplikasyon sa daanan ng hangin ay maaaring magresulta sa isang hindi inaasahang pagpasok sa intensive care, pinsala sa utak, o pagkamatay.

Ang mga maaari mong gawin upang mabawasan ang mga panganib

Kalusugan at pamumuhay

Ang mas malusog na mga pasyente na kayang pabutihin ang kanilang kalusugan at pamumuhay ay mas mabilis na gumaling mula sa operasyon at mas kaunti ang komplikasyon.

Marami kang magagawa para ihanda ang iyong sarili para sa isang operasyon. Kahit maliliit na mga pagbabago ay maaaring gumawa ng malaking pagkakaiba. Baka gusto mong pataasin ang iyong mga antas ng pisikal na aktibidad at pagbutihin ang iyong diyeta. Kung umiinom o naninigarilyo ka, dapat mong isaalang-alang ang pagbabawas o kahit ang pagtigil.

Kung mayroon kang matagal nang problema sa kalusugan, maaaring magandang ideya na kumonsulta sa iyong GP surgery upang malaman kung may magagawa ka upang mapabuti ito bago ang operasyon.

Kung ikaw ay may labis na katabaan o sobrang timbang, ito ay maaaring magpalubha sa pamamahala ng anestesista sa iyong daanan ng hangin at maaaring nais mong subukang bawasan ang iyong timbang bago ang operasyon.

Ang aming resources na **Fitter Better Sooner** ay magbibigay sa iyo ng impormasyon na iyong kailangan upang maging mas fit at mas handa para sa iyong operasyon. Maaaring tingnan ang aming website para sa isang kopya ng leaflet na available sa iba't ibang wika dito: www.rcod.ac.uk/patientinfo/translations#languages

Mga Ngipin

Mahalagang ipaalam mo sa anestesista ang anumang mahalagang gawaing nauugnay sa ngipin o pinsala sa iyong mga ngipin. Maaaring nais mong isaalang-alang ang pagbisita sa dentista bago ang iyong operasyon.

Pag-aayuno at paunang paggamot

Mahalaga na maingat mong sundin ang anumang mga tagubilin tungkol sa kung kailan titigil sa pagkain at pag-inom bago ang iyong anesthetic. Kadalasan ito ay anim na oras bago ang operasyon para sa pagkain at dalawang oras para sa malinaw na likido. Kung naireseta sa iyo ang anumang gamot para sa acid reflux, mahalaga na inumin mo ito upang mabawasan ang panganib ng aspirasyon.

Obstructive sleep apnea

Kung mayroon kang obstructive sleep apnea, mas mataas ang iyong panganib ng pagkakaroon ng problema sa daanan ng hangin. Maaaring kailanganin mong manatili ng magdamag pagkatapos ng iyong operasyon at ikaw ay mahigpit na babantayan pagkatapos ng iyong anesthetic. Kung mayroon kang CPAP (continuous positive airway pressure) machine, dapat mong dalhin ito.

Mga balbas/buhok sa mukha

Kailangang gumamit ang anestesista ng facemask na akma sa mukha upang magbigay ng oxygen. Maaaring makasagabal ang makapal na balbas sa tamang pagkakasuot nito. Tatalakayin ng anestesista sa iyo kung sa tingin nila ay may panganib na hindi gumana nang maayos ang mask at kung ano ang maaaring mga opsyon.

Mga hairstyle/mga hair extension

Kailangang madaling maigalaw ng anestesista ang iyong leeg upang magkaroon ng ligtas na daanan sa iyong daanan ng hangin. Inirerekomenda na tanggalin ang malaking bahagi ng hair extension bago ang pagkakaroon ng pampamanhid, dahil maaaring makasagabal ang mga ito sa paggalaw ng iyong leeg.

Ibinahaging paggawa ng desisyon

Ang ibinahaging paggawa ng desisyon ay nagbibigay ng kasiguruhan na ang mga indibidwal ay sinusupportahan sa mga desisyon na tama para sa kanila. Ito ay proseso ng pagtutulungan kung saan susupportahan ng clinician ang pasyente na magkaroon ng desisyon tungkol sa kanilang paggamot.

Pinagsasama-sama ng pag-uusap ang:

- ang kadalubhasaan ng clinician, tulad ng mga opsyon sa paggamot, ebidensya, panganib at benepisyo
- kung ano ang pinakamahusay na alam ng pasyente: ang kanilang mga kagustuhan, personal na kalagayan, mga layunin, mga pinahahalagahan at paniniwala.

Alamin ang karagdagang impormasyon sa:

www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making

Narito ang ilang mga tool na magagamit mo para masulit ang iyong mga talakayan sa iyong anestesista o preoperative assessment staff:

Pagpili ng Matalinong UK BRAN framework

Gamitin ito bilang paalala na magtanong tungkol sa paggamot.

https://bit.ly/CWUK_leaflet

Ang NHS ay may tatlong katanungan

Maaaring mayroong mga pagpipilian tungkol sa pangangalaga ng iyong kalusugan.

https://bit.ly/NHS_A3Qs

Ang Centre for Perioperative Care (CPOC)

Ang CPOC ay gumawa ng animasyon para ipaliwanag ang ibinahaging paggawa ng desisyon.

www.cpoc.org.uk/shared-decision-making

Mga tanong na maaari mong gusto na itanong

Kung may mga katanungan ka tungkol sa iyong anesthetic, isulat ang mga ito (maaari mong gamitin ang mga halimbawa sa ibaba at idagdag ang sariling tanong sa espasyo sa ibaba). Kung nais mong makipag-usap sa anestesista bago ang araw ng iyong operasyon, makipag-ugnayan sa preoperative assessment team, na maaaring mag-ayos para makausap mo ang anestesista sa telepono o makita sila sa isang klinika.

1 Mayroon bang anumang problema sa aking daanan ng hangin?

2 Mayroon ba akong anumang mga espesyal na panganib?

3 ...

4 ...

5 ...

Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

Sabihin sa amin kung ano ang iyong iniisip

Kung mayroon kang anumang pangkalahatang komento, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG
020 7092 1500

www.rcoa.ac.uk

Ikalawang edisyon, Oktubre 2023

Ang leaflet na ito ay rerepasuhin sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglathala.

© 2023 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang leaflet na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal na impormasyon para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan, at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.